

Mapuspo ng Banal na Espiritu Yugto 07

Maikling Paglalarawan ng Banal na Espiritu Gawain sa Buhay ng Mananampalataya

Ang presensya ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang mananampalataya ay nagsisimula sa paghatol sa isang tao at pag akay sa kanya sa pagsisipi tulad ng sinabi ni Jesus, **“8 At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol:” (Juan 16:8 KJV)** Kapag ang isang tao’y nagsisi at tinanggap si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa buong buhay niya kung gayon siya ay matatatakan ng Banal na Espiritu gaya ng mababasa natin sa

Epeso 1:13-14, “13 Na sa kaniya’y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo’y magsisampalataya, ay kayo’y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, 14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanqqang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwhatian.” Ang tatak ng Banal na Espiritu ay ibinigay sa lahat ng mga na kay Cristo Jesus.

Ang ating Panginoon at Tagapagligtas si JesuCristo pagkatapos ng Kanyang pagkamatay at ang Kanyang pagkabuhay mula sa mga patay Siya ay pumaroon at nakipagkita sa mga alagad, at ibinigay sa kanila ang tatak ng Banal na Espiritu gaya ng mababasa natin dito,

Juan 20:21-22, “21 Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo. 22 At nang masabi niya ito, sila’y hiningahan niya, at sa kanila’y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:” Sa gayong kaganapan ang ibinigay ng Panginoon ay ang tatak ng Banal na Espiritu. Tanging sa panahong iyon posible para sa Banal na Espiritu na manatili sa kanila dahil binayaran na ni Jesus nang buo ang kasalanan ng mga tao sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus. Hindi naging posible para sa mga disipulo na tanggapin ang tatak ng Banal na Espiritu bago ang pagkamatay at pagkabuhay na mag uli ni Jesus dahil hindi maabot ng tao ang Dios kung hindi babayaran ni Jesus ng buong kabayaran sa krus para sa mga kasalanan ng buong mundo.

Kapag ang isang tao ay nagsisi at tinanggap si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa Kanyang buhay, kung gayon siya ay bahagi ng katawan ni Cristo gaya ng mababasa natin sa **1 Corinto 12:12-13, “12 Sapagka’t kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama’t marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo. 13 Sapagka’t sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo’y Judio o Griego, maging mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.”** Narito ay sinasabi ang tungkol sa bautismo hindi sa tubig o bautismo ng Banal na Espiritu, kundi ang bautismo dito ay upang maging bahagi ng katawan ni Cristo. At binanggit dito ni Pablo na lahat tayo’y binigyan ng iisang espiritu na mainom; na pareho ng tinatawag sa **Efeso 1:13** ang tatak ng Banal na Espiritu.

Upang matatakan ng Banal na Espiritu sa panahon ng pananampalataya at pagtanggap kay Cristo ay maaari nating isagisag iyon sa pamamagitan ng mga sumusunod: Kung halimbawa ang itinuturing nating mananampalataya ay isang tasa at ang Banal na Espiritu ay tubig, kung gayon upang matatakan ng Banal na Espiritu ay tulad ng paglalagay ng kaunti ng tubig sa isang tasa. Ito ay tulad lamang nagpahid ng tubig sa tasa.

Kapag ang isang tao ay naniniwala kay Cristo kung gayon ang Banal na Espiritu ay magiging sa loob niya at na kung ano ang sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga alagad na ang Banal na Espiritu ay mapapa sa kanila, tulad ng mababasa natin sa **Juan 14:15-17, “15 Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. 16 At ako’y dadalangin sa Ama, at kayo’y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, 17 Sa makatuwid baga’y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka’t hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya’y nakikilala ninyo; sapagka’t siya’y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.”** Kaya dito ang Banal na Espiritu ay hindi lamang sa mga alagad kundi nanahan sa loob ng mga alagad.

Kaya kapag tinanggap natin ang tatak ng Banal na Espiritu ito ay kikilos sa ating buhay at kapag nakipagtulungan tao sa Kanya at ipinasakop natin ang ating buhay sa Kanya, ang Banal na Espiritu ang magbabago sa ating mga katangian at pag uugali at mabubuo sa atin ang bunga ng Banal na Espiritu na magbibigay sa atin ng parehong katangian at personalidad ni Jesus. **Dapat kang makipagtulungan sa Banal na Espiritu sa gayo’y mamunga ka ng bunga ng Banal na Espiritu na magpapakita ng pagkatao at personalidad ni Jesus.**

Ang mga sumusunod ay bunga ng Banal na Espiritu na lilitaw sa ating buhay na mababasa natin sa mga sumusunod na Kasulatan:

I. Galacia 5:22-23, “22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.”

II. Filipos 1:11, “11 Na mangapuspos ng bunga ng kabanalan, na ito'y sa pamamagitan ni Jesucristo, sa ikaluluwalhati at ikapupuri ng Dios.”

* Bilang tinaggap mo ang tatak ng Banal na Espiritu kung gayon mong maniwala kay Cristo ay responsibilidad mong makipagtulungan at tumugon sa gawain ng Banal na Espiritu sa iyong buhay. Kung makikipagtulungan kayo at magpapasakop sa Kanyang gawain kung gayon ang proseso ng pagpapakabanal ay magsisimulang lumitaw sa iyong buhay; magsisikap kang mamuhay sa kabanalan at sa pagtakot sa Panginoon. * At kapag tumugon ka sa gawain ng Banal na Espiritu sa iyong buhay at nagsimulang sumunod sa Kanyang Salita at mga utos kung gayon ay magsisimula kang marinig ang tinig ng Banal na Espiritu, **“21 At ang iyong mga pakinig ay makakarinig ng salita sa likuran mo, na nagsasabi, Ito ang daan, lakaran ninyo; pagka kayo'y pumipihit sa kanan, at pagka kayo'y pumipihit sa kaliwa.” (Isaias 30:21 KJV)** * Makikita mo ang iyong sarili na madaling mapapatnubayan ng Banal na Espiritu na gumawa ng tamang hakbang at maaboy ang tamang desisyon dahil natanggap natin ang Espiritu ng pagkukop, at sa gayon ding diwa magagawa nating manalangin at tumangis sa Dios, tulad ng ipinapahayag ng Salita ng Dios, **“14 Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios. 15 Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatatag; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama. 16 Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios: 17 At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y lumuwalhati namang kasama niya.” (Roma 8:14-17 KJV)**

Matapos matatakan ng Banal na Espiritu at magsimulang makipagtulungan at tumugon nang masunurin sa Banal na Espiritu at magpabanal, na pinatnubayan ng espiritu at may isip ng Espiritu at nalinang ang bunga ng Banal na Espiritu, maaari nating isagisag iyon sa pamamagitan ng mga sumusunod: Kung halimbawa ay itinuturing natin ang isang mananampalataya at ang Banal na Espiritu ay tubig, kung gayon ang gawain ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang mananampalataya sa yugtong ito ay katulad ng pagiging isang malaking dami ng tubig sa isang tasa na maaari mong inumin.

Ngunit kung ang mananampalataya ay hindi tumugon sa tatak ng Banal na Espiritu na kanyang natanggap mula sa Dios at sa Kanyang gawain sa kanya, kung gayon iyon ay magbubunga ng walang paglago sa kanyang buhay. Ang mananampalataya ay magiging tuyo at maging patay sa espirituwal. Ang ilan sa mga sumusunod ay maaari ring ilapat at ilarawan ang espirituwal na kondisyon na iyon:

1. Pighatiin ang Banal na Espiritu: Ang Banal na Espiritu ay maaaring malungkot sa pamamagitan ng kasalanan at ng mga gawa ng laman sa iyong buhay tulad ng mababasa natin sa **“29 Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig. 30 At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos. 31 Ang lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at kadalalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa inyo, pati ng lahat ng masasamang akala:” (Epeso 4:29-31 KJV)** Samakatuwid alisin mo ang lahat ng gawa ng laman sa iyong buhay at linisin ang iyong puso mula sa lahat ng masasamang bagay upang hindi mo pighatiin ang Banal na Espiritu.

2. Manibugho ang Banal na Espiritu: Ang Banal na Espiritu ay maaaring mainggit sa pamamagitan ng kamunduhan at sa pag ibig sa mundo, **“4 Kayong mga mangangalunya, hindi бага ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay naqiqing kaaway ng Dios. 5 O iniisip бага ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu бага na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?” (Santiago 4:4-5 KJV)** Samakatuwid alisin mo ang lahat ng makamundong bagay na iniibig mo at pinarangalan mo nang higit pa sa Dios sa gayo'y walang maging dahilan ang Banal na Espiritu na mainggit.

3. Magsinungaling sa Banal na Espiritu: Nakikilala natin ang katagang ito, **“nagsisinungaling sa Banal na Espiritu”,** nang hinarap ni Pedro si Ananias at ang kanyang asawang si Saphira nang itago nila ang bahagi ng pera para sa kanila at dalhin ang iba pa kay Pedro tulad ng mababasa natin sa **Mga Gawa 5:1-4, “1 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari, 2 At inilingid ang isang bahagi ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 3 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? 4 Nang yao'y nananatili pa, hindi бага yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi бага nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka**

nagsisinungaling sa mga tao, kundi sa Dios.” (Mga Gawa 5:1-4 KJV) Kapag nagsisinungaling ka sa pastor o sa pinuno ng simbahan na nangangalaga sa iyo, nagsisinungaling ka sa Banal na Espiritu. Huwag kailanman nagsasabi ng kasinungalingan, sanayin ang iyong sarili na lagi mong sasabihin ang totoo.

4. Hamakin o alipustahin ang Banal na Espiritu: Iniinsulto mo ang Banal na Espiritu kapag sinadyang nagkasala ka laban sa Dios at sa Kanyang Salita, at tinapakan si Jesus tulad ng mababasa natin sa *Hebreo 10:26-31*, “*26 Sapagka’t kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang hainang natitira pa tungkol sa mga kasalanan, 27 Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy na lalamon sa mga kaaway. 28 Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay mamamatay na walang awa; 29 Gaano kayang higpit ng parusa, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon sa yumurak sa Anak ng Dios, at umaring di banal sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kaniya, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya? 30 Sapagka’t ating nakikilala yaong nagsabi, Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti. At muli, Huhukuman ng Panginoon ang kaniyang bayan. 31 Kakilakilabot na bagay ang mahulog sa mga kamay ng Dios na buhay.”* Magsisi sa iyong kasalanan at tigilang isantabi at insultuhin ang Banal na Espiritu, matakot sa Dios, at baguhin ang iyong mga daan at simulang ipamuhay ang iyong buhay na nagpapatunay na ikaw ay tapat sa Dios.

Kung ang Mananampalataya ay napatunayang tapat sa Panginoon at sa tatak ng Banal na Espiritu na kanyang tinanggap sa kanyang pagbabalik loob sa pamamagitan ng pagpaparami ng bunga ng Banal na Espiritu at napabanal kung gayon siya ay angkop na tumanggap ng higit pang mga pagpapala ng Dios at ang pagpapalang iyon ay ang tinatawag ayon sa Bibliya ang bautismo ng Banal na Espiritu. **Samakatuwid mula ngayon simulan ang pakikipagtulungan sa tatak ng Banal na Espiritu, magsisi at linisin ang iyong sarili mula sa mga kasalanan, sikaping magparami ng bunga ng Banal na Espiritu upang ikaw ay maging handa na mapuspos at mabaustimuhan ng Banal na Espiritu.**

Sa aklat ng Mga Gawa nang nakatagpo ni Jesus ang kanyang mga alagad matapos ng Kanyang pagkabuhay ipinangako Niya sa kanila ang bautismo ng Banal na Espiritu, “*4 At, palibhasa’y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang nariniq ninyo sa akin: 5 Sapagka’t tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa’t kayo’y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa.” (Mga Gawa 1:4-5 KJV)* Ang katagang bautismo ng Banal na Espiritu ay kapareho ng mapuspos ng Banal na Espiritu; sa gayong sitwasyon ikaw ay mapuspos at ilulubog sa Banal na Espiritu, at ang Banal na Espiritu ay umaapaw mula sa iyo.

Upang mabaustimuhan ng Banal na Espiritu maaari nating isagisag iyon sa mga sumusunod: Kung halimbawa ay itinuturing nating saro ang mananampalataya at ang Banal na Espiritu ay tubig, ang gawain ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang mananampalataya sa yugtong ito ay tulad ng pagpuno ng tubig sa saro at pagpapahintulot na umapaw ang tubig mula sa saro at kumalat sa paligid.

Ang halaga ng bautismo ng Banal na Espiritu sa mananampalataya ay ang sumusunod:

A. Upang Tumanggap ng Kapangyarihan: Gaya ng sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, “*8 Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihan hangganan ng lupa.” (Mga Gawa 1:8 KJV)* Ang Banal na Espiritu ay Dios at upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay nangangahulugang Dios ang Dios ay sumasaiyo at ikaw ay may kapangyarihan ng Dios na gawin ang mga gawain ng Dios. Ang mga alagad bago sila nabautismuhan ng Banal na Espiritu tunay na sila’y namumuhay sa pagsunod sa Dios at sa Banal na Kasulatan, ngunit hindi nila kayang harapin ang mundo at ang pag uusig na nangangalit laban sa kanila. Nagtatago sila at nakatago sa mga saradong pinto dahil wala pa silang kapangyarihang harapin iyon. Ang mga namumuhay nang buong pagsunod, tinatawag natin silang lubos na tapat sa Panginoon, ngunit kailangan pa rin nilang mabaustimuhan ng Banal na Espiritu upang magkaroon ng kapangyarihan ng Dios sa kanilang buhay at mabigyan ng kakayahang gawin ang Kanyang kalooban at mga gawa. **Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ang sagot sa ating mga tanong, ang solusyon sa ating mga problema at ang paglalaan para sa ating mga pangangailangan.**

B. Upang matanggap ang mga kaloob ng Banal na Espiritu: Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay magbibigay daan sa iyo upang matanggap ang mga kaloob ng Banal na Espiritu. Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay ang mga sumusunod: Salita ng karunungan, Salita ng kaalaman, pananampalataya, mga kaloob ng pagpapagaling, paggawa ng mga himala, propesiya, pagkilala sa mga espiritu, iba’t ibang uri ng wika: pagpapakahulugan ng mga wika, mga kaloob ng tulong, mga kaloob ng pamahalaan, ministeryo, pagtuturo, paghihikayat, pagbibigay, pamamahala, pagpapakita ng awa, mga apostol, ebanghelista, at mga pastor, at mababasa mo ang tungkol sa mga kaloob na ito sa *1 Corinto 12:8-11, 28-30, Roma 12:3-8 at Epeso 4:11*. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad sa *Juan 14:12*, “*12 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong*

dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama.” Magagawa mo rin ang mga gawain ni Jesus kapag natanggap mo ang bautismo ng Ang Banal na Espiritu. Kaya hindi na kayo ang gumagawa kundi ang Dios ay gumagawa sa pamamagitan ninyo.

Samakatuwid kailangan mong magsikap na mapuspos ng Banal na Espiritu, at mamuhay ng isang buhay ng pagsunod dahil ang Dios ay nagbibigay ng Banal na Espiritu sa mga sumusunod sa Kanya. **“32 At kami'y mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Dios sa nagsisitalima sa kaniya.” (Mga Gawa 5:32 KJV)** Taimtim na makiusap at hilingin sa Dios na puspusin ka ng Banal na Espiritu, **“13 Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?” (Lucas 11:13 KJV)**

Sa araw ng Pentecostes nang tanggapin ng mga disipulo ang bautismo ng Banal na Espiritu sila ay napakalakas at patuloy na pagbabago at nagawa nilang lumabas nang may malaking pagtulak sa lipunan sa kanilang paligid at labanan sila sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Cristo, na may isang kapani paniwala na mensahe, na may mga himala, mga palatandaan at kababalaghan, na ginawa lahat sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na pinuspos sila.

Nakasaad sa Bibliya ang mga sumusunod tungkol sa mga mahimalang palatandaan na ginagawa ng Panginoon sa pamamagitan ng mga apostol na napuspos ng Ang Banal na Espiritu **“12 At sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay ginawa ang maraming tanda at kababalaghan sa gitna ng mga tao: at nangaroon silang lahat na nangagkakaisa sa portiko ni Salomon. 13 Datapuwa't sinoman sa mga iba ay hindi nangangahas na makisama sa kanila: bagaman sila'y pinapupurihan ng bayan; 14 At ang mga nagsisampalataya ay lalo pang nangaparaqdaq sa Panginoon, ang mga karamihan ng lalake at babae: 15 Na ano pa't dinala nila sa mga lansangan ang mga may-sakit, at inilagay sa mga higaan at mga hiligan, upang, pagdaan ni Pedro, ay maliliman man lamang ng anino niya ang sinoman sa kanila. 16 At nangagkatipon din naman ang karamihan mula sa mga bayang nangasa palibotlibot ng Jerusalem, na nangagdadala ng mga may-sakit, at ng mga pinahihirapan ng mga karumaldumal na espiritu: at sila'y pawang pinagaling.” (Mga Gawa 5:12-16 KJV)** Ang mga tao **“dinala nila sa mga lansangan ang mga may-sakit, at inilagay sa mga higaan at mga hiligan, upang, pagdaan ni Pedro, ay maliliman man lamang ng anino niya ang sinoman sa kanila.”** Hindi ang anino ni Pedro ang nagdala ng pagpapagaling, kundi ang pagdagsa ng Banal na Espiritu sa kanyang buhay na dumating kay Pedro matapos ng kanyang bautismo ng Banal na Espiritu, ay ang nagdala ng pagpapagaling sa mga tao.

Maaari mong matanggap ang iyong bautismo ng Banal na Espiritu habang ikaw ay nag iisa kasangkot sa iyong personal na panalangin at debosyon, o maaari kang tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu habang ikaw ay nasa pananambahan o sa panalangin pulong tulad ng mababasa natin dito. **“44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikini ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuho din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro,” (Mga Gawa 10:44-46 KJV)**

Posible rin na maaari mong matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu sa pagpapatong ng mga kamay ng mga taong nabautismuhan ng Banal na Espiritu. Ito ang mga halimbawa niyan: **“17 Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo.” (Mga Gawa 8:17 KJV)** **“6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula.” (Mga Gawa 19:6 KJV)** **“Dahil dito ay ipinaaalaala ko sa iyo na paningas in mo ang kaloob ng Dios, na nasa iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay.” (2 Timoteo 1:6 KJV)**

Pagkatapos matanggap Ang bautismo ng Banal na Espiritu ang mananampalataya ay kikilos para sa Dios na may kapangyarihan at sa mga kaloob ng Banal na Espiritu. Ngunit sa ilang mga okasyon dahil sa iba't ibang mga dahilan ang mananampalataya kapag siya'y dumaan sa panggigipit na sitwasyon, upang para sa kanya ay bumangong muli at magtagumpay kailangan niyang muling mapuspos ng Banal na Espiritu na umaapaw tulad ng sa mga sumusunod na halimbawa:

1. Nang sumagot si Pedro sa awtoridad ng mga Judio na nagtanong sa mga apostol tungkol sa pagpapagaling sa lalaking lumpo: “5 At nangyari nang kinabukasan, na nangagkatipon sa Jerusalem ang kanilang mga pinuno at mga matanda at mga eskriba; 6 At si Anas, na dakilang saserdote, at si Caifas, at si Juan, at si Alejandro, at ang lahat ng kalipian ng dakilang saserdote. 7 At nang kanilang mailagay na sila sa gitna nila, ay sila'y tinanong, Sa anong kapangyarihan, o sa anong pangalan ginawa ninyo ito? 8 Nang magkagayo'y si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo, ay nagsabi sa kanila, Kayong mga pinuno sa bayan, at

matatanda, 9 Kung kami sa araw na ito'y sinisiyasat tungkol sa mabuting gawa na ginawa sa isang taong may-sakit, na kung sa anong paraan gumaling ito; 10 Talastasin ninyong lahat, at ng buong bayan ng Israel, na sa pangalan ni Jesucristo ng taga Nazaret, na inyong ipinako sa krus, na binuhay ng Dios na maguli sa mga patay, dahil sa kaniya ay nakatindig ang taong ito sa inyong harap na walang sakit, 11 Siya ang bato na itinakuwil ninyong mga nagtayo ng bahay, na naging pangulo sa panulok. 12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas. 13 Nang makita nga nila ang katapangan ni Pedro at ni Juan, at pagkatalastas na sila'y mga taong walang pinagalaran at mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangapagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Jesus.” (Mga Gawa 4:5-13 KJV) Si Pedro ay nabautismuhan na ng Banal na Espiritu ngunit para sa bagong umuusbong na gawain ay kailangan niyang mapuspos muli hanggang sa umapaw para harapin ang mataas na awtoridad na umusig sa kanila.

2. Nang humarap si Pablo sa Judiong mangkukulam na sumalungat sa kanila at sinubukang ilayo sa pananampalataya ang proconsul: “6 At nang kanilang matahak na ang buong pulo hanggang sa Pafos, ay nakasumpong sila ng isang manggagaway, bulaang propeta, Judio, na ang kaniyang pangalan ay Bar-Jesus; 7 Na kasama ng proconsul, Sergio Paulo, lalaking matalino. Ito rin ang nagpatawa kay Bernabe at kay Saulo, at minimithing mapakinggan ang salita ng Dios. 8 Datapuwa't si Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinaqsisikapang ihiwalay sa pananampalataya ang proconsul. 9 Datapuwa't si Saulo, na tinatawaq ding Pablo, na puspos ng Espiritu Santo, ay itinitig sa kaniya ang kaniyang mga mata, 10 At sinabi, Oh puspos ng lahat ng karayaan at ng lahat ng kasamaan, ikaw na anak ng diablo, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka baqa titigil ng pagpapasama sa mga daang matuwid ng Panginoon? 11 At ngayon, narito, nasa iyo ang kamay ng Panginoon, at mabubulag ka, na hindi mo makikita ang araw na kaunting panahon. At pagdaka'y nahulog sa kaniya ang isang ulap at ang isang kadiliman; at siya'y nagpalibot na humahanap ng sa kaniya'y aakay sa kamay. 12 Nang magkagayon, pagkakita ng proconsul sa nangyari, ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon.” (Mga Gawa 13:6-12 KJV)

Si Pablo ay nabaustimuhan na ng Banal na Espiritu ngunit para sa umuusbong na banta na dumating laban sa kanila mula sa impiyerno at sa kapangyarihan ng kadiliman sa pamamagitan ng mangkukulam at huwad na gurong iyon, kailangan ni Pablo na mapuspos muli upang umapaw para pamahalaan ang sitwasyon.

Sa parehong paraan maaari kang dumaan sa mga paghihirap at pagsubok na sumasalungat sa iyo, apihi ka at subukang itulak ka palayo sa pagiging epektibo. Huwag hayaan ang mga pagsubok, pag-uusig, pagod, karamdaman, masamang balita o panghihina ng loob na magpawalang sigla ka. Kailangan mong muling bumangon laban sa mga pinipigang mga sitwasyong ito; lumuhod, humihiling sa Panginoon na muling puspusin ka ng Banal na Espiritu upang harapin at matagumpay na hinaharap ang kapangyarihang ito ng kadiliman.

Tulad ng dapat mong malaman ang kasalanang iyon, mga alalahanin, pagiging makamundo ay maaaring magpawalang sigla sa iyo, kaya kailangan mong magsisi mula roon at talikuran ang iyong mga kasalanan upang puspusin kang muli ng Panginoon ng Kanyang Banal na Espiritu upang maging epektibo at produktibo para sa Kanyang kaluwalhatian.

Sa Aking Mahal at Minamahal: Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay dapat!

- Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ang ating paraan ng pamumuhay ay para mamuhay para kay Cristo, hanggang sa dumating Siya at dalhin tayo.
- Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay ang Dios ay sumasa atin na lubos nating kailangan.
- Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay ang ating kailangan na nagbibigay-kakayahan sa atin na mamuhay nang matagumpay.
- Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay pagtitiis sa buhay sa kabila ng mga pagsubok, pag-uusig at panggigipit.
- Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay pagsulong na may malinaw na pananaw at malalim na mensahe upang kamitin ang mga naliligaw at idisipulo sila.
- Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay paggawa ng kalooban ng Dios at tapusin ng Kanyang gawain.

Lumapit tayo ngayon sa Panginoon at ipagkatiwala ang ating sarili sa turo na natanggap natin sa mensaheng ito tungkol sa kahalagahan ng bautismo ng Banal na Espiritu sa ating buhay, at mamuhay sa kabanalan at tumugon sa tatak ng Banal na Espiritu upang mapabanal mula sa mga kasalanan, at magparami ng bunga ng Banal na Espiritu na sumasalamin sa mga katangian at liwanag ni Jesus sa ating buhay, sa gayo'y mapuspos tayo at muling mapuspos ng Banal na Espiritu upang gawin ang mga utos ng Dios sa kabila ng lahat ng mga pakikibaka at pagsubok na maaari nating pagdaanan.

Manalangin tayo

Ang Aking Panalangin: Ama Dios, ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at bumangon mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagpaunawa sa akin ng kahalagahan ng bautismo ng Banal na Espiritu, at mamuhay sa kabanalan at tumugon sa tatak ng Banal na Espiritu upang mapabanal mula sa mga kasalanan, at upang magparami ng bunga ng Banal na Espiritu na sumasalamin sa mga tauhan at liwanag ni Jesus sa aking buhay, at kaya ako ay mapupuspos at muling mapuspos ng Banal na Espiritu upang gawin ang mga mandato ng Diyos sa kabila ng lahat ng mga pakikibaka, pagsubok at pag uusig na aking pinagdadaanan.

Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng gawain ng laman sa inyong buhay; pagsasabi ng kasinungalingan, paganakaw, away, galit, matinding galit, poot, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan, pagkakahati hati, kapalaluan, kasakiman, kawalan ng malasakit sa kapwa, inggit, paninibugho, pagpatay, pagnanasa, imoralidad, kasakiman, kawalang katarungan, katiwalian, kamunduhan, at ang iyong pagmamahal sa pera at materyal na mga bagay. Talikuran ang pagdadalamhati, pagsisinungaling, pag insulto at pag-iinggit sa Banal na Espiritu. Ipagtapat at talikuran ang iyong takot sa tao at ang iyong hindi pagpayag na dumaan sa pag uusig. Ipagtapat at itakwil ang inyong mga pagmamadali, kompromiso, katiwalian at kawalang katarungan. Ipagtapat at itakwil ang lahat ng iyong katigasan ng ulo, pagsuway at naantalang pagsunod. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pananampalataya at ang mga pagdududa sa iyong isipan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay panalangin. Magtapat at talikuran ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya at sa pagkaalipin sa Media, News at mga laro.

Ipagtapat at talikuran ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong masamang halimbawa at ang iyong hindi pagpayag na maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon lumuhod ako sa iyong paanan, tinatanggi ko ang aking mga kasalanan _____. Nagpasya akong bumangon laban sa lahat ng pagsubok at matagumpay na harapin ang mga ito, nagtitiwala sa iyo na tutulungan mo ako. Panginoon puspusin akong uli ng iyong Banal na Espiritu na yumaon at ipamuhay ang aking buhay para sa iyo, Panginoon paging dapatin akong harapin ang sumusunod na mga pagsubok sa aking buhay _____. Panginoong tustusan mo ang iyong biyaya sa gayo'y patuloy akong maglilingkod sa inyo, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus Amen.

Panginoon salamat sa mga Kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at muling ipinangako ang kanilang buhay upang maglingkod sa iyo at yumaon sa buhay sa paggawa ng iyong Salita at ipinamumuhay ang iyong kalooban. Panginoon muling puspusin sila ng ng Banal na Espiritu, at bigyan sila ng iyong kapangyarihang mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa buhay. Panginoon protektahan sila mula sa pag uusig at ibigay ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Panginoon gamitin sila para sa iyong kaluwalhatian para magpatuloy at makarating sa mga naliligaw, para gawin ang mga gawain mo at matupad ang kalooban mo.

Lumapit upang ipatong ang mga kamay sa iyo at ipanalangin ka na mapuspos ng Banal na Espiritu.

Lumapit upang ipatong ang mga kamay sa iyo at ipanalangin ka na mapuspos ng Banal na Espiritu.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na patuloy na magturo tungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu, at ipapatong ang aming mga kamay sa mga disipulo at ipanalangin sila upang mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan ng tubig at mas maraming alagad ang mbautismuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon hinihiling namin sa iyo na muling puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob; Salita ng karunungan, Salita ng kaalaman, kaloob ng pananampalataya, kaloob na pagpapagaling, kaloob na paggawa ng mga himala, kaloob na pagbibigay, pagpapakita ng awa, mga kaloob ng tulong, pamumuno, pangangasiwa, kaloob na mga tagapaghikayat, pastulan, pagtuturo, pagpopropesiya, pag eebanghelyo, at hinihiling namin sa iyo na paging dapatin kami sa apostolikong ministeryo. Panginoon patnubayan kami na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan at Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 07. Maikling Paglalarawan ng Banal na Espiritu Gawain sa Buhay ng Mananampalataya. Juan 16:8. Efeso 1:13-14. Juan 20:21-22. I Corinto 12:12-13. Juan 14:15-17. Galacia 5:22-

23. Filipos 1:11. Isaias 30:21. Roma 8:14-17. Efeso 4:29-31. Santiago 4:4-5. Mga Gawa 5:1-4. Hebreo 10:26-31. Mga Gawa 1:4-5. Mga Gawa 1:8. Juan 14:12. Lucas 11:13. Mga Gawa 5:12-16. Mga Gawa 10:44-46. Mga Gawa 8:17. Mga Gawa 19:6. 1 Timoteo 4:14. 2 Timoteo 1:6. Mga Gawa 4:5-13. Mga Gawa 13:6-12.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAE AACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com